Halina po kayo sa Open Training and Education Network, kilala bilang OTEN. Ang OTEN ay isang natatanging tagapagdulot ng malayuang pag-aaral ng TAFE NSW. Kami ay tumatanggap ng pagpapatala sa karamihang mga araw na may klase.

Kung gusto ninyong mapahusay ang inyong mga kakayahang pang-empleyo, maghanap ng bagong karera o mag-aral sa isang kursong nagugustuhan, ang OTEN ay isa ninyong maaaring mapagpipilian.

Ang OTEN ay may mga 250 kurso, marami dito ang kinikilala ng Australian Qualifications Framework. Ang mga kursong ito ay ibinibigay sa pamamagitan ng pangmalayuang pag-aaral na ang pamamaraan ay ang pagsusulatan at paggamit ng kompyuter..

Maaari ninyong piliin ang kursong nararapat sa inyo kahit na ang inyong pag-Ingles ay hindi gaanong mahusay, kayo ay may kapansanan o nakatira sa may ilang na lugar. Kung hindi kayo tiyak sa kursong gusto ninyong mapag-aralan, maaari kayong makipag-usap sa isang tagapayo dito sa OTEN.

Mayroon ba kayong mga pagsasanay at kwalipikasyon mula sa ibayong – dagat at hindi ninyo alam kung paano ito kilalanin sa Australya? Ang Multicultural Education Support Unit ay maaaring magbigay-payo sa inyo kung paano ito mabigyan ng pagkakilala.

Upang dagdagan ang kaalaman tungkol sa OTEN at ang mga kursong maaari naming maibigay, tawagan po ang OTEN Course Information sa 02 9715 8333 o 1300 362 346.

Kung hindi ninyo unang wika ang Ingles at kailangan ninyo ng tulong sa wika maaaring mayroon kaming kawani na nakapagsalita ng inyong wika o makatawag kami ng interpreter para tumulong sa inyo.